Mga Pamamaraan sa Pagtuturo ng Filipino at Antas ng Kabisaan sa Pagkatuto ng mga mag-Aaral tungo sa Pagbubuo ng Programang Pang-Interbensyon

Dianne Via T. Bravo
https://orcid.org/0009-0007-3284-2906
dianne.bravo.gsbm@pcu.edu.ph
Philippine Christian University – Manila, Philippines

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino— kabilang ang Learner-Centered Teaching, Task-Based Learning, Cognitive Approach, at Communicative Approach—sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Matalam High School. Layunin nitong matukoy ang epekto ng mga pamamaraan sa pagganap ng mga mag-aaral at magbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapahusay ng mga pamamaraan sa pagtuturo. Gumamit ang pag-aaral ng descriptive-correlational na disenyo na kinabibilangan ng 220 mag-aaral mula sa Baitang 7-10 ng Matalam High School. Ang mga 55 kalahok mula sa apat na baitang ay sinuri gamit ang isang talatanungan na nahahati sa tatlong bahagi: mga sosyo-demograpik na katangian ng estudyante, akademikong pagganap sa ikatlong markahan sa Taong Panuruan 2023-2024, at isang talatanungan para sa pagtukoy ng antas ng tugon ng mga mag-aaral sa mga pamamaraan. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang lahat ng pamamaraan sa pagtuturo ay nagkaroon ng positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, na may pinakamataas na mean score (5.39) para sa Cognitive Approach at pinakamababang mean score (5.22) naman sa Learner-Centered Teaching. Ang pangkalahatang mean score na 5.31 ng mga pamamaraan ay nagpapakita ng pangkalahatang positibong pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino. Ang makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng mga pamamaraan at akademikong pagganap ay nakumpirma na may r-value na 0.75 at p-value na 0.023, na nagpapahiwatig na epektibo ang mga pamamaraan sa pagtuturo. Mula sa resulta, ipinapanukala ng pag-aaral ang "Sentro ang Mag-aaral" na isang programang pang-interbensyon upang mapahusay ang epektibong pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng Learner-Centered Teaching. Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ng pag-aaral ang pagpapahusay sa mga pamamaraan sa pagtuturo, kabilang ang pagpapalakas ng Cognitive Approach at pagbuo ng mas mahusay na disenyo para sa iba pang pamamaraan.

Mga Susing Salita: Pamamaraan sa Pagtuturo: Learner-Centered Teaching, Task-Based Learning, Cognitive Teaching and Communicative Approach, Descriptive-Correlational, Matalam High School